Magdali-dali kayo sa mga [maayos na] gawain [bago ng pagdapo ng] mga ligalig gaya ng mga piraso ng gabing nagpapadilim,

Ayon kay Abu Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Magdali-dali kayo sa mga [maayos na] gawain [bago ng pagdapo ng] mga ligalig gaya ng mga piraso ng gabing nagpapadilim, na uumagahin ang lalaki bilang isang mananampalataya at gagabihin siya bilang isang tagatangging sumampalataya o gagabihin siya bilang isang mananampalataya at uumagahin siya bilang isang tagatangging sumampalataya, na nagbebenta ng Relihiyon niya kapalit ng isang paninda mula sa kamunduhan."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Humihimok ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa mananampalataya sa pakikipagmabilisan at pagpaparami ng mga maayos na gawain bago ng pagsasaimposible ng mga ito at pagkaabala palayo sa mga ito dahil sa pagdating ng mga sigalot at mga mapaghihinalaan na pipigil sa mga ito at babalakid sa mga ito. Ito ay dilim na gaya ng mga piraso ng gabi, na magkakahalu-halo sa mga ito ang katotohanan at ang kabulaanan, kaya hihirap sa mga tao ang pag-alam sa kaibahan sa pagitan ng dalawang ito. Dahil sa katindihan ng mga ito, matutuliro ang tao hanggang sa tunay na siya ay uumagahin bilang isang mananampalataya at gagabihin bilang isang tagatangging sumampalataya o gagabihin bilang isang mananampalataya at uumagahin bilang isang tagatangging sumampalataya, na mag-iiwan ng Relihiyon niya kapalit ng naglalahong natatamasa mula sa kamunduhan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3138